KARAPATAN-Sorsogon
Alliance for the Advancement of People's Rights
2645 Santos St., Brgy Polvorista, Sorsogon City
Tel No. (056) 211-5102

Media Statement
November 19, 2005

Kondenahin ang pamamaslang ng mga militar kay RICARDO UY, Chairman ng Bayan Muna-Sorsogon City Chapter at Media Practitioner!

Mariing kinokundena ng Karapatan-Sorsogon ang karumaldumal na pagpaslang kay RICARDO "Ding" CORRAL-UY, Chairman ng Bayan Muna-Sorsogon City Chapter. Malapitang binaril ng military assassin si Ding Uy sa loob ng kanyang ricemill kahapon ng umaga ika-18 ng Nobyembre bandang alas 11:30 ng umaga, apat na bala ang tumama sa kanyang likod at isa sa ulo. Naligtas din ang manggagawa nito sa ricemill ng inumangan din ito ng baril ngunit nagkataon lamang na wala na itong bala. Isang motorsiklo ang ginamit ng military assassin bilang gateaway vehicle sa may di-kalayuang lugar.

Bago pa man ang pamasaslang ay matagal nang inaakusahang at malisyosong pinaparatangang "terorista" si Ding Uy ng mga militar at lingguhang binabanatan ng Philippine Army sa programa nito sa radyong Ugnayan sa Kapayapaan sa DZMS tuwing sabado 12:30-1:00 ng hapon. Noong nakaraang taon (2004) nagsimula ang smear campaign ng mga militar sa biktima sa pamamagitan ng pagpapalabas ng mga polyeto at pagdidikit ng mga poster na nakalagay ang caricature ni Ding Uy na binansagang NPA at terorista kasama ang mga progresibong organisasyon at mga party-list. Noon pa man ay lagi na itong sinusundan at binubuntutan ng mga intellegience operatives. Nitong ika-11 ng Nobyembre matapos dumalo si Ding Uy sa ginagawang formation meeting ng December 10 Committee ay sinundan at binuntutan ito ng mga intelligence operatives. Ang biktima ang lantarang kritiko sa gobyerno, lalo na sa mga militar at pagtuligsa sa mga paglabag sa karapatan ng inosenteng sibilyan. Nitong huli, sa kanyang pagsalita sa Launching Activity ng December 10 Committee, Nobyembre 16 sinabi pa nito na "***itigil na ang pagpatay sa mga sibilyan at magkaisa tayo sa pagsusulong at pagtataguyod ng karapatang pantao***".

Bago pa man si Ding Uy naging lider aktibista ay kilala na sa buong lalawigan bilang isang matagumpay na negosyante. Kasapi ng iba't-ibang business ogranizations, Presidente ng respetadong media organization na nanindigan para sa katotohan - ang "Sorsogon Independent Media Reporters, Inc. (SIMRI) at kilala bilang isang matulungin at pilantropong tao.

Ang pangyayaring ito ay patunay na ang kasalukuyang patakaran ng rehimeng Arroyo ay ang pumatay ng mga tao at organisasyong binansagang "terorista" ng gubyerno. Ang kadalasang target at biktima nito ay ang mga progresibo at makabayang organisasyon tulad ng BAYAN MUNA, at mga karaniwang sibilyan. Ang Sorsogon ay isa nang laboratoryo ng todo-todong gera na pinangungunahan ng mga militar, para-militar na CAFGU. Nitong nakaraan Setyembre 28, 2005, pinaslang at binaril ang isang kasapi ng ANAKPAWIS Partylist na si Romeo Mangampo. **Umaabot na sa 228 na kaso ng paglabang sa karapatang pantao at 21 na kaso nito ay pagpatay, ang naitala sa lalawigan ng Sorsogon mula ng umupo si GMA at si Ding Uy ay ika-21 sa talaan ng mga pinaslang ng berdugong militar.**

Ang Karapatan-Sorsogon kasama ang sambayanang Pilipino ay mahigpit na kinokundena ang karumaldumal na pagpaslang kay RICARDO "Ding" CORRAL-UY.

Katarungan kay RICARDO "Ding" CORRAL-UY!
Katarungan sa mga Biktima ng Paglabag sa Karapatang Pantao!
Itigil ang Pagpatay sa Progresibong Lider at Media Practioner!